

KATIPUNAN NG KARAPATAN NG MGA RESIDENTE

Katipunan ng Karapatan ng mga Residente

3 (1) Dapat tiyakin ng bawat may lisensya ng isang long-term care home na ang mga sumusunod na karapatan ng mga residente ay ganap na iginagalang at itinataguyod:

KARAPATAN NA ITRATO NANG MAY RESPETO

1. Ang bawat residente ay may karapatang tratuhin nang may kagandahang-loob at paggalang at sa paraang ganap na kinikilala ang likas na dignidad, halaga at indibidwalidad ng residente, anuman ang kanilang lahi, ninuno, lugar ng pinagmulan, kulay, etnikong pinagmulan, pagkamamamayan, pananampalataya, kasarian, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, edad, katayuan sa pag-aasawa, estado ng pamilya o kapansanan.
2. Ang bawat residente ay may karapatan na igalang ang kanilang pamumuhay at piniling buhay.
3. Ang bawat residente ay may karapatan na igalang ang kanilang pakikilahok sa paggawa ng desisyon.

KARAPATAN SA KALAYAAN MULA SA ABUSO AT PAGPAPABAYA

4. Ang bawat residente ay may karapatan sa kalayaan mula sa pang-aabuso.
5. Ang bawat residente ay may karapatan sa kalayaan mula sa kapabayaang ng may lisensya at kawani.

KARAPATAN SA ISANG OPTIMAL NA KALIDAD NG BUHAY

6. Ang bawat residente ay may karapatang makipag-usap nang may kumpiyansa, tumanggap ng mga bisita na kanilang pinili at makipag-usap nang pribado sa sinumang tao nang walang panghihimasok.
7. Ang bawat residente ay may karapatan na bumuo ng mga pagkakaibigan at relasyon at lumahok sa buhay ng long-term care home.

8. Ang bawat residente ay may karapatan na makihati sa isang silid sa isa pang residente ayon sa kanilang kahilingan, kung may naaangkop na tirahan.
9. Ang bawat residente ay may karapatang makipagkita nang pribado sa kanilang asawa o ibang tao sa isang silid na nagsisiguro ng pagkapribado.
10. Ang bawat residente ay may karapatan na ituloy ang kanilang panlipunan, kultural, relihiyoso, espirituwal at iba pang mga interes, upang paunlarin ang kanilang potensyal at mabigyan ng makatwirang tulong ng may lisensya upang ituloy ang mga interes na ito at paunlarin ang kanilang potensyal.
11. Ang bawat residente ay may karapatang manirahan sa isang ligtas at malinis na kapaligiran.
12. Ang bawat residente ay may karapatan na mabigyan ng access sa mga protektadong panlabas na lugar upang magsaya sa mga panlabas na aktibidad maliban kung ginagawang imposible ito ng pisikal na sitwasyon.
13. Ang bawat residente ay may karapatang magtago at magpakita ng mga personal na ari-arian, litrato at kasangkapan sa kanilang silid na napapailalim sa mga kinakailangan sa kaligtasan at mga karapatan ng ibang mga residente.
14. Ang bawat residente ay may karapatan na pamahalaan ang kanilang sariling mga pananalapi maliban kung ang residente ay walang legal na kapasidad na gawin ito.
15. Ang bawat residente ay may karapatang gamitin ang mga karapatan ng isang mamamayan.

KARAPATAN SA KALIDAD NA PAG-AALAGA AT SARILING PAGPAPASYA

16. Ang bawat residente ay may karapatan sa tamang tirahan, nutrisyon, pangangalaga at mga serbisyo na naaayon sa kanilang pangangailangan.
17. Ang bawat residente ay may karapatang masabihan kapwa kung sino ang may pananagutan at kung sino ang nagbibigay ng direktang pangangalaga sa residente.
18. Ang bawat residente ay may karapatan na mabigyan ng pagkapribado sa paggamot at sa pangangalaga sa kanilang mga personal na pangangailangan.

19. Ang bawat residente ay may karapatan na,
- i. ganap na lumahok sa pagbuo, pagpapatupad, pagsusuri at pagbabago ng kanilang plano ng pangangalaga,
 - ii. magbigay o tumanggi ng pahintulot sa anumang paggamot, pangangalaga o mga serbisyo kung saan ang kanilang pahintulot ay kinakailangan ng batas at ipaalam sa mga kahihinatnan ng pagbibigay o pagtanggap ng pahintulot,
 - iii. ganap na lumahok sa paggawa ng anumang desisyon tungkol sa anumang aspeto ng kanilang pangangalaga, kabilang ang anumang desisyon tungkol sa kanilang pagpasok, paglabas o paglipat sa o mula sa isang long-term care home at sa pagkuha ng independiyenteng opinyon tungkol sa alinman sa mga bagay na iyon, at
 - iv. magkaroon ng kanilang personal na impormasyon sa kalusugan ayon sa itinakda ng *Personal Health Information Protection Act, 2004* pinananatiling kumpidensyal alinsunod sa Batas na iyon, at magkaroon ng access sa kanilang mga talaan ng personal na impormasyon sa kalusugan, kabilang ang kanilang plano ng pangangalaga, alinsunod sa Batas na iyon.
20. Ang bawat residente ay may karapatan sa patuloy at ligtas na suporta mula sa kanilang mga tagapag-alaga upang suportahan ang kanilang pisikal, mental, panlipunan at emosyonal na kagalingan at ang kanilang kalidad ng buhay at sa tulong sa pakikipag-ugnayan sa isang tagapag-alaga o ibang tao upang suportahan ang kanilang mga pangangailangan.
21. Ang bawat residente ay may karapatan magpadalo ng sinumang kaibigan, miyembro ng pamilya, tagapag-alaga o ibang taong mahalaga sa residente sa anumang pagpupulong kasama ang may lisensya o ang kawani ng tirahan.
22. Ang bawat residente ay may karapatang magtalaga ng isang tao na tumanggap ng impormasyon tungkol sa anumang paglipat o anumang pagpapaospital ng residente at upang matanggap kaagad ng taong ito ang impormasyong iyon.
23. Ang bawat residente ay may karapatang tumanggap ng pangangalaga at tulong tungo sa pagsasarili batay sa isang pilosopiya ng pangangalaga sa pagpapanumbalik upang magbigay

ng kalayaan sa pinakaposibleng paraan.

24. Ang bawat residente ay may karapatang hindi itali o igapos, maliban sa mga limitadong pagkakataong itinakda sa ilalim ng Batas na ito at napapailalim sa mga kinakailangan na itinatakda sa ilalim ng Batas na ito.

Tala: Sa isang araw na ipinahayag sa pamamagitan ng proklamasyon ng Tenyente Gobernador (Lieutenant Governor), inamyendahan ang talata 24 ng subseksiyon 3 (1) ng Batas sa pamamagitan ng pagtanggap sa salitang “itali” at pinalitan ng “pigilan o ikulong”. (Tingnan: 2021, c.

25. Ang bawat residente ay may karapatang mabigyan ng pangangalaga at mga serbisyo batay sa isang pilosopiya ng pangangalaga sa paginhawa (palliative care).
26. Ang bawat residente na malapit nang pumanaw o may matinding karamdaman ay may karapatang samahan ng pamilya at mga kaibigan na 24 oras bawat araw.

KARAPATAN NA MAGING MAY ALAM, MAKILAHOK, AT MAGREKLAMO

27. Ang bawat residente ay may karapatang maabisuhan sa pamamagitan ng liham ng anumang batas, tuntunin o patakaran na nakakaapekto sa mga serbisyong ibinibigay sa residente at ng mga pamamaraan para sa pagsisimula ng mga reklamo.
28. Ang bawat residente ay may karapatang lumahok sa Konseho ng mga Residente (Residents' Council).
29. Ang bawat residente ay may karapatang magpahayag ng mga alalahanin o magmungkahi ng mga pagbabago sa mga patakaran at serbisyo sa ngalan ng kanilang sarili o ng iba sa mga sumusunod na tao at organisasyon nang walang panghihimasok at walang takot sa pamimilit, diskriminasyon o paghihiganti, itinuro man sa residente o sinuman:
 - i. ang Konseho ng mga Residente.
 - ii. ang Konseho ng Pamilya (Family Council).
 - iii. ang may lisensya, at, kung ang may lisensya ay isang korporasyon, ang mga direktor at opisyal ng korporasyon, at, sa kaso ng isang tahanan na naaprubahan sa ilalim ng Part IX, isang miyembro ng komite ng pamamahala para sa tahanan sa ilalim ng seksyon 135 o ng lupon ng pamamahala

para sa tahanan sa ilalim ng seksyon 128 o 132.

iv. mga kawani

v. mga opisyal ng gobyerno.

vi. sinumang ibang tao sa loob o labas ng long-term care home.